Seattle Fire Department sfd CAM Client Assistance Memo 5966

Seattle Permits

—bahagi ng series ng maraming kagawaran sa mga serbisyo at pagpapahintulot sa Lungsod

Ang Proseso ng Inspeksyon ng SFD Engineering para sa mga Bago at Ni-remodel na Gusali

Na-update noong Oktubre 2020

Nagsasagawa ng mga inspeksyon ang Seattle Fire Department para tiyakin na sumusunod sa Fire code ang mga gusaling itinatayo at nire-remodel seattle.gov/fire/firecode. Sinusuri din ng mga inspektor namin kung mahahalagang sistema ng kaligtasan kagaya ng mga fire alarm at fire sprinkler ay idinisenyo nang wasto at gumagana nang maayos sa panahong naokupahan na ang gusali.

Kailan Ako Dapat Humiling ng Pag-inspeksyon?

Para sa lahat ng inspeksyon, dapat na kumpleto, dumaan sa paunang pagsubok at handa ang trabaho.

Kung nakatanggap ka ng liham ng plano sa pagsusuri mula sa SFD, dapat na maisaayos ang lahat ng bagay na nakalista sa liham bago ka tumawag para sa isang inspeksyon. Pagdating ng tagasuri para isagawa ang inspeksyon, hihilingan kang magkaroon ng kopya ng liham ng plano sa pagsusuri at ang aprubadong plano na nakatakda sa site ng trabaho.

Kung kinailangan ng iyong proyekto ng pahintulot sa elektrikal o mekanikal mula sa Seattle Department of Construction and Inspections (SDCI), dapat na naaprubahan ng SDCI ang iyong pahintulot bago ka tumawag para sa inspeksyon.

May mga karagdagang pamantayan na tumutukoy sa iyong pagiging handa para sa mga partikular na uri ng mga inspeksyon.

Inspeksyon para sa Alarma sa Sunog

Bago tumawag para sa inspeksyon, dapat na naaprubahan ng SDCI ang pahintulot sa elektrikal at ang sistema ay dapat nang sumailalim sa paunang pagsubok. Kasama rito ang lahat ng kagamitang auxiliary at kontrol ng fire alarm. Dapat na tinukoy ang site bilang "Final Clean," kabilang ang ngunit hindi limitado sa lahat ng nakalagay na carpeting, ceiling tile, drywall at pinto sa puwesto para magawa ang mga pagsubok sa pagiging naririnig ng alarm.

Inspeksyon sa mga Range Hood at mga Sistema ng Suppression/Alternative Extinguishing

Bago tumawag para sa inspeksyon, dapat na nasa site ang kagamitang protektado ng hood o sistema ng suppression, nakakabit at gumagana (gas at kuryente). Dagdag pa, bago dumating ang tagasuri, tiyakin na may nakalagay na placard sa hood kung saan tinutukoy na ang kagamitan ay pinoprotektahan ng hood, mula sa kaliwa hanggang sa kanan, at maglaan ng nakalagay na K class na extinguisher malapit sa hood. Mangyaring tiyakin na mayroong mga As--Built drawing at pahintulot sa mekanikal mula sa SDCI para sa mga Type 1 hood kung naaangkop. Kung sinusubaybayan ang sistema ng alarma sa sunog ng sistema ng suppression, kakailanganin mong naroon din ang mga technician na may parehong fire alarm certification at range hood certification sa panahon ng inspeksyon para suriin ang bagong kabit na sistema.

Inspeksyon sa Underground na Takip

Bago mo takpan ang mga tubong nagkokonekta sa supply ng tubig ng gusali para sa sunog patungo sa pangunahing tubig ng Lungsod, dapat kang makatanggap ng inspeksyon sa "underground cover" mula sa SFD. Dapat na kumpleto at nababalutan ng bituminous o iba pang katanggap-tanggap na materyales na corrosion retarding ang lahat ng tie rodding, atbp. Maaaring mangyari ang inspeksyon ng mga thrust block habang ginagawa ang o pagkatapos ng pagbubuhos. Dapat na nakalantad ang lalim at lawak ng block para sa pagsusukat. Tingnan din ang SFD Administrative Rule 9.03.20 Table A para sa karagdagang paglilinaw: https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/AdRule9.03.20.pdf

Inspeksyon sa Underground na Hydrostatic Flow

Maaari nang takpan ang underground na tubo at mga koneksyon kung nangyari na ang inspeksyon sa pagtatakip, ngunit, dapat na nasa loob ng mga pinapayagang limitasyon ang mga pressure drop. Ang inspeksyon sa hydrostatic flow ay dapat na mangyari bago ang pagkokonekta sa gusali o sa Lungsod. Kung may "City check valve," dapat mag-install ng "frying pan." Tingnan din ang SFD Administrative Rule 9.03.20 Table A para sa karagdagang kailangan : https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/AdRule9.03.20.pdf

Inspeksyon sa Underground na Flush

Dapat na mangyari ang inspeksyon bago ang pagkokonekta sa sistema ng gusali. Tingnan din ang SFD Administrative Rule 9.03.20 Table A para sa karagdagang kailangan: https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/AdRule9.03.20.pdf

Inspeksyon sa Takip ng Sprinkler

Kailangan mong tumawag para sa inspeksyon ng pagtatakip bago ang paglalagay ng drywall o mga tile na makakasagabal sa biswal na access. Dapat kang magkaroon ng inspeksyon anumang oras na binago o inilipat ang isang sprinkler head.

Inspeksyon sa Emergency Responder Radio Coverage Systems (BDA/DAS) Functional Verification

Para paghandaan ang inspekyon ng SFD sa sistema ng BDA/DAS, i-review ang mga materyales na ito: https://www.seattle.gov/fire/business-services/systems-testing#bdadasemergencyradiocommunications. Nagbibigay ang SFD ng mandatoryong beripikasyon sa paggana ng sistema gamit ang mga radyo sa pampublikong kaligtasan. Simula sa Abril 1, 2021, dapat mo ring isumite ang resulta ng commisioning test sa SFD sa loob ng hindi bababa sa 24 na oras bago ang iyong inspeksyon sa pamamagitan ng aming third party vendor www.thecomplianceengine.com.

Paano Ako Hihiling ng isang Inspeksyon?

Mga Regular na Inspeksyon

Isinasagawa ang karamihan ng mga inspeksyon sa karaniwang oras ng negosyo. Humiling ng inspeksyon sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website at pagsagot sa form online: https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/Request%20for%20Straight%20Time%20Eng%20Insp.pdf

Mga Overtime na Inspeksyon

Kung gusto mo ng inspeksyon sa maagang oras sa umaga, gabi o katapusan ng linggo, gamitin ang online na form ng kahilingan sa inspeksyon at piliin ang overtime na opsyon kapag inilagay mo ang iyong hinihiling na oras ng inspeksyon https://www.seattle.gov/Documents/Departments/Fire/Business/OvertimeInspectionForm.pdf. May karagdagang sisingilin para sa mga overtime na inspeksyon batay sa aktuwal na halaga ng pagtatrabaho ng SFD para sa mga overtime na oras.

Anong Impormasyon ang Kailangan Ko Kapag Humiling Ako ng Inspeksyon?

Kailangan namin ng impormayon tungkol sa partidong may pinansyal na pananagutan (para singilin para sa mga bayarin sa inspeksyon kung hindi pa nababayaran kasama ng iyong pahintulot mula sa SDCI) gayundin ang impormasyon tungkol sa technician na sertipikado ng SFD na naroroon para sa inspeksyon. Kakailanganin mo ring ibigay ang impormasyon tungkol sa uri ng inspeksyon, ang address, at ang bilang ng mga device na susuriin.

Gaano Ko Kaaga Dapat Hilingin ang Aking Inspeksyon?

Karaniwan kaming nag-iiskedyul ng inspeksyon nang halos 6 na araw ng negosyo nang mas maaga bago ang mga inspeksyon sa regular na oras dahil sa availability ng mga tagasuri. Sa kasalukuyan, iniiskedyul ng halos 2 araw nang mas maaga ang mga overtime na inspeksyon bago ito isagawa. Kung sinunod mo ang mga pamamaraan na nakabalangkas dito sa client assistance memo, makakatulong ka sa pag-iwas ng mga pagkaantala sa iyong inspeksyon.

Dapat bang Naroroon Ako Kapag Dumating ang Tagasuri? Kailangan Ko ba ng mga Inaprubahang Plano sa Site?

Oo. Dapat na naroon ang isang kinatawan na kayang gawin ang mga kailangang pagsubok, kayang magbigay ng access sa mga lugar ng inspeksyon, at na-certify ng Seattle Fire Department. Ang taong ito ay dapat na:

- magpakita ng kanyang certification card sa tagasuri para sa pag-verify.
- may kopya ng mga inaprubahang plano.
- may kopya ng liham ng plano sa pagsusuri.

Paano Ako Makikipag-usap sa Aking Tagasuri?

LEGAL NA DISCLAIMER: *Hindi dapat gamitin bilang kapalit ang Client Assistance Memorandum (CAM) na ito para sa mga alituntunin at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibidwal ang pagsunod sa lahat ng kailangan ng alituntunin at panuntunan, isinasalarawan man o hindi sa CAM na ito.*

Puwede kang mag-iwan ng mensahe para sa tagasuri ng SFD sa pamamagitan ng pagtawag sa (206) 386-1443. Tatawagan ka ng mga tagasuri kapag nasa opisina na sila.

Ano ang Gagawin Ko Kung Mayroon Akong Tanong na May Kaugnayan sa Alituntunin Kapag Walang Available na Tagasuri?

Available sa araw ang Lieutenant of Engineering o isang Fire Protection Engineer para sagutin ang mga partikular na tanong na may kaugnayan sa Seattle Fire Code. Mag-email sa amin sa seattle.gov/fire/email. Tandaan: Katanggap-tanggap na tumawag sa mga Plan Review Engineer para sa mga tanong na may kaugnayan sa Fire Code, ngunit idirekta ang mga problema sa direktang field inspection sa Lieutenant of Engineering.

Sisingilin ba Ako para sa isang Nabigo o Hindi Nagawang Inspeksyon ng Engineering?

Kasama sa karamihan ng inspeksyon sa konstruksyon ng Seattle Fire Department ang pag-ulit ng inspeksyon nang walang singil kung hindi pumasa ang sistema sa unang inspeksyon. Gayunpaman, kung ang kakulangan sa paghahanda ng kontratista ang dahilan para sa nabigong inspeksyon, nagbibigay ang Seattle Municipal Code sa Seattle Fire Department ng kakayahang bawiin ang mga nagastos ng kagawaran sa pagbibigay ng inspeksyong iyon. Sa 2020, ang bayarin ay $273 kada oras, kasama ang oras na inilaan ng mga tagasuri sa paghahanda para sa inspeksyon, pagbibiyahe at sa site ng trabaho. Sisingilin ang bayarin kapag nabigo ang inspeksyon dahil sa mga sumusunod na mga dahilan:

1. Wala sa site ang lahat ng kailangang kagamitan at tauhan kasama ang mga may nauugnay na certification sa loob ng 20 minuto ng nakatalagang oras.
2. Hindi nakumpleto ang mga kailangang paunang pagsubok at/o papeles ng paunang pagsubok bago magsimula ang inspeksyon.
3. Walang may tatak/naaprubahang set ng mga plano ng fire system (sprinkler, alarma, atbp.) sa site, kung naaangkop.
4. Hindi nakapagbigay ng katibayan ng kailangang inaprubahang pahintulot sa electrikal ng SDCI, kung naaangkop.
5. Walang katibayan ng certification ng SDCI para sa mga elevator (panghuling puting tag), kung naaangkop.
6. May takip ang tubo ng sprinkler bago ang inspeksyon (kasama ang drywall at mga ceiling tile).
7. May takip ang underground na sprinkler bago ang inspeksyon.

Paano Ko Kakanselahin ang Inspeksyon? Mayroon bang mga Sisingilin kung Hindi Ko Nakansela sa Tamang Oras ang Aking Inspeksyon?

Para makansela ang inspeksyon, mag-email sa amin na may paksa na "Kanselahin ang Inspeksyon" at ilakip ang petsa ng inspeksyon, oras, lokasyon, at uri sa katawan ng email. Ipadala ang email sa parehong address na ginamit mo para humiling ng inspeksyon: SFD_FMO_Engineering@seattle.gov para sa mga regular na inspeksyon at SFD_FMO_OT_Inspections@seattle.gov para sa mga overtime na inspeksyon.

Sisingilin ka ng bayarin kung kinansela ang isang inspeksyon nang walang sapat na abiso. Ang mga bayarin at timeline ay ang sumusunod:

- *Mga regular na inspeksyon* Magkansela sa loob ng hindi bababa sa 24 na oras ng pag-abiso para maiwasan ang bayarin para sa nahuling pagkansela na $273.
- *Mga overtime na inspeksyon* Magkansela hanggang 9 a.m. sa araw ng negosyo bago ang inspeksyon para maiwasan ang bayarin para sa nahuling pagkansela na katumbas ng mga halaga ng pagtatrabaho na ginugol ng Lungsod.

Ano Ang Gagawin Ko kung Hindi Ko Nauunawaan ang mga Kailangang Pagwawasto?

Maaari kang direktang makipag-ugnayan sa iyong nakatalagang tagasuri o sa (206) 386-1443 para sa anumang paliwanag o paglilinaw na maaaring kailanganin.

Kailan Ko Maaaring Okupahin o Gamitin ang Aking Estruktura?

Pinapahintulutan lang ang pag-okupa at paggamit ng estruktura pagkatapos ng pag-apruba ng SDCI sa pamamagitan ng Certificate of Occupancy. Lumalabag ka kung inokupa mo ang lugar bago makakuha ng pag-aprubang ito.

Sa ilang kaso, maaaring aprubahan ang isang

LEGAL NA DISCLAIMER: *Hindi dapat gamitin bilang kapalit ang Client Assistance Memorandum (CAM) na ito para sa mga alituntunin at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibidwal ang pagsunod sa lahat ng kailangan ng alituntunin at panuntunan, isinasalarawan man o hindi sa CAM na ito.*

pansamantalang certificate of occupancy bago ibigay ang buong Certificate of Occupancy - pakitingnan ang https://www.seattle.gov/fire/business-services/construction-inspections para sa impormasyon tungkol sa mga pansamantalang certificate of occupancy. Ang mgaindibidwal na*hindi manggagawa sa kontruksyon*ay pinahihintulutang pumasok sa gusali bago tanggapin ng gusali ang Pansamantalang Certificate of Occupancy kapag pinahintulutan ng General Contractor. Pananagutan ng General Contractor na magbigay ng pagsasanay para sa kaligtasan sa mga pinahintulutang indibidwal at tiyakin na mayroon sila ng lahat ng kagamitan sa personal na proteksyon na kailangan para sa lugar ng konstruksyon batay sa regulasyon ng Washington State Labor & Industry. Halimbawa, ang mga indibidwal na nagtu-tour sa gusali ay kinakailangang samahan ng General Contractor o ng kanilang itinalaga.

*Ang mga taona naghahanda ng gusali para sa pag-okupa*ay hindi kailangang samahan kapag pinahintulutan ng General Contractor. Sa mga pag-ookupa na kailangang magkaroon ng awtomatikong sprinkler, ipinagbabawal sa gusali ang pag-iimbak o pag-iipon ng nasusunog na materyales na hindi nauugnay sa konstruksyon ng gusali bago maaprubahan ang sistema ng sprinkler.

Tingnan din ang impormasyon sa mga Pansamantalang Certificate of Occupancy dito: https://www.seattle.gov/fire/business-services/construction-inspections

Kailan Ako Maaaring Humiling ng Pahintulot na Okupahin ang Aking Gusali?

Kapag naaprubahan at nainspeksyon ang mga sistema sa pagprotekta laban sa sunog at nakumpleto ang mga daan palabas.

Ano ang mga Bayarin Para sa Inspeksyon?

Pakitingnan ang impormasyon tungkol sa bayarin na nasa website namin: http://www.seattle.gov/fire/inspections.

Kung Nakipagkontrata Ako sa Isang Builder para sa Konstruksyon, Kaninong Responsibilidad ang Pagtawag para sa mga Inspeksyon at Pinal na Pag-apruba sa Pag-okupa?

Responsibilidad ng legal na may-ari na tumawag para sa mga inspeksyon at pag-apruba. Kung gusto mong gampanan ng iyong builder ang responsibilidad na ito, dapat itong tukuyin sa inyong kontrata. Tingnan ang iyong pahintulot at tiyaking naibigay ang pinal na pag-apruba para mag-okupa bago lumipat sa gusali. Kalimitan, iniiskedyul ng kompanyang nag-i-install ang appointment ng inspeksyon para sa kanilang pag-i-install.

Saan Ako Makakakuha ng Higit Pang Impormasyon Tungkol sa mga Kailangan sa Serbisyong Tubig ng Seattle Public Utilities (SPU)?

Para mag-iskedyul ng inspeksyon ng SPU para sa underground cover o mga backflow assembly, tumawag sa (206) 684-5803, mula 8:00 hanggang 9:00 a.m., o pagkatapos ng 9:00 a.m. tumawag sa (206) 684-3333.

Nangangailangan ang SPU ng mga inspeksyon para sa pagtutubo ng serbisyo sa tubig na ginagamit para sa proteksyon laban sa sunog at tubig sa bahay. Pakisundan ang mga link na ito para makahanap ng higit pang impormasyon mula sa SPU kaugnay ng underground na takip, mga kailangan sa backflow, at mga cross connection. https://www.seattle.gov/utilities/construction-resources/water

Maaari ka ring sumangguni sa sumusunod na mga ordinansa at mga seksyon ng alituntunin:

Seattle Municipal Code (Cross Connections): SMC 21.04.070 Cross-Connections: https://library.municode.com/wa/seattle/codes/municipal_code?nodeId=TIT21UT_SUBTITLE_IWA_CH21.04WARARE_21.04.070CRNN

Washington Administrative Code (Cross Connections): WAC 246-290-490: http://apps.leg.wa.gov/wac/default.aspx?cite=246-290-490

LEGAL NA DISCLAIMER: *Hindi dapat gamitin bilang kapalit ang Client Assistance Memorandum (CAM) na ito para sa mga alituntunin at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibidwal ang pagsunod sa lahat ng kailangan ng alituntunin at panuntunan, isinasalarawan man o hindi sa CAM na ito.*